# MARIA, SA PUSO NINOMAN
## Dulang May Isang Yugto

U Z. Eliserio

**MGA TAUHAN**

ANDRES - pinagtaksilang lider ng Katipunan
MARIA - diyosa, may back pack
PROCOPIO - kapatid ni Andres
MACAPAGAL - executioner nila Andres, flat top ang buhok
MGA SUNDALO - dalawa, isang nakamaskara ng leon, isang nakamaskara ng lobo

**TAGPUAN**

*Maragondon, 1897.*

*Nasa kaliwa ng entablado sina MACAPAGAL at ang mga SUNDALO. Nasa gitna ng entablado sina ANDRES at PROCOPIO. Nakatutok ang mga baril ng mga SUNDALO kina ANDRES at PROCOPIO.*

MACAPAGAL *(Kina ANDRES.):* Oo na, oo na. Hindi na ang sagot n'yo. *(Sa mga SUNDALO.)* Fuego!

*Babaril ang mga SUNDALO. Babagsak si PROCOPIO.*

ANDRES *(Luluhod at yayakapin ang bangkay ni PROCOPIO.):* Procopio? Procopio! *(Titingin kay MACAPAGAL. Itataas ang*

*kamao. Mahabang sigaw.)* Aguinaldo! *(Kay PROCOPIO.)* Procopio, mahal kong kapatid. Ba't mo ako iniwan? Procop--a... e... ba't mabaho?

MACAPAGAL *(Lalapit kay BONIFACIO, mapapaatras.):* Ganyan talaga minsan, nilalabasan ng tae ang mga kamamatay. *(Babalik sa mga SUNDALO. Mumwestrang nasusuka.)*

ANDRES: O, isinumpang langit!

MACAPAGAL *(sa mga SUNDALO.):* Isa pa, isa pang pagbaril. *(Patlang.)* Fue--! ANDRES: Teka lang!

MACAPAGAL: Bakit?

ANDRES: Ayokong mangyari rin ito sa akin! Pwede ba akong magluwal muna, bago n'yo ako barilin?

MACAPAGAL *(Aayusin ang buhok.):* Sige.

ANDRES *(Sa sarili.):* Buti na lang. Kung mamamatay ako ngayon, gusto ko namang mamamatay nang malinis. *(Patlang.)* Pero, malinis naman ako, a. Kahit matagpuang may tae sa pwet ang bangkay ko, hindi ko naman pinagtaksilan ang mga kapwa ko. Hindi ko inuna ang pansiriling interes at isinantabi ang Katipunan. *(Babalik sa tabi ni PROCOPIO. Mapapaatras sa amoy, pero lalabanan ang pandidiri at yayakapin si PROCOPIO.)* Aguinaldo!

MACAPAGAL: O, hindi naman tumae. Hay naku. Isa pa. Isa pang baril. *(Ituturo si ANDRES.)* Fue--! *(Babagsak.)*

*Magkakatinginan ang mga SUNDALO, pagkatapos ay babagsak din. Papasok si MARIA mula sa kanan. Titingnan niya si MACAPAGAL at ang mga SUNDALO, tatango bilang pag-apruba. Kukunin niya ang isang baril at itatapon palayo. Pagkatapos, lalapit siya kay ANDRES, na tuloy ang pagtingin kay MACAPAGAL at pagtaas ng kamao.*

ANDRES: Aguinaldo, asal-hayop ka!

MARIA: Andres!

ANDRES *(Hindi papansinin si MARIA.):* Isinusumpa ko ang pangalan mo, kahapon, ngayon at bukas!

MARIA: Andres!

ANDRES *(Hindi papansinin si MARIA.):* Bibihagin kita gamit ang mga tanikalang ginto!

MARIA: Andres!

ANDRES *(Hindi papansinin si MARIA.):* Dila mo lang ang walang sugat!

MARIA: Walang latay!

ANDRES *(Sa wakas ay mapapansin si MARIA.):* Sino ka? Anong ginagawa mo rito? *(Makikita ang nakahansuday na MACAPAGAL.)* Anong nangyari sa kanila?

MARIA: Pinatulog ko lang.

ANDRES *(Tatayo. Pupunta kina MACAPAGAL.):* Ikaw? Ikaw ang may gawa nito?

MARIA: Alangan namang ikaw.

ANDRES: Paano mo ginawa?

MARIA *(Magskwa-squat sa may bangkay ni PROCOPIO.):* Hindi pa pala ako nagpapakilala. Ako si Maria. Sabihin mo, 'Kinagagalak kitang makilala, Maria. Ako naman si Andres.'

ANDRES *(Lalapit kay MARIA.):* Isa kang engkanto!

MARIA: Mali.

ANDRES: Lamanlupa!

MARIA: Lamanloob!

ANDRES: Dwende!

MARIA *(Pupwesto likod-sa-likod kay ANDRES, ikukumpara ang taas gamit ang kamay. Mas mataas si MARIA.):* Kung dwende ako, ano ka? Pixie? Garden gnome? Homonculus?

ANDRES: A--a--ano?

MARIA: Aa! Ang sarap sa tenga! Andres, Aa!

ANDRES *(Titingin sa paligid. Pupunta sa bangkay ni MACAPAGAL. Kukunin ang gulok sa tabi nito, susugurin si MARIA.):* Isa kang demonyo!

MARIA *(Aagawin ang gulok, sabay sampal kay ANDRES.):* Walang utang na loob na 'to! Isa akong diyosa, hangal! *(Lalakad papunta sa mga SUNDALO.)* Umupo ka nga! *(Ituturo ang espasyo sa tabi ni PROCOPIO.)*

*Laglag-pangang nakatitig lang si ANDRES kay MARIA.*

MARIA *(Iwawagayway ang gulok):* Kung di ka uupo, puputulan kita!

ANDRES: Ng kamay?

MARIA: Hindi.

ANDRES: Ng binti?

MARIA: Hindi.

*Uupo sa tabi ni PROCOPIO si ANDRES.*

MARIA *(Isasaksak ang gulok sa likod ng isang SUNDALO. Lalapit nang kaunti kay ANDRES.):* Talaga bang ayaw mo sa baril, at gulok lang ang ginagamit mo? *(Hindi hihintayin ang sagot ni ANDRES.)* Hindi ka naman tanga, Andres, at alam mo kung ano ako. Ako ang tinawag mo kagabi, nang marinig mo ang mga iyak ni Gregoria. Sa akin mo ipinaalaga ang kaluluwa ni Ciracio. Ako ang iyong tagapagligtas.

ANDRES: Hesu Kristo?

MARIA *(Kukunin ang gulok at susugod kay ANDRES.):* Tarantado, mukha ba 'kong negro?

ANDRES *(Mabilis na gagapang palayo kay MARIA.):* Maria! Mariang Makiling! Nagbibiro lang ako.

MARIA: *(Malakas na bulong.):* Isa, dalawa, tatlo... Puputulan talaga kita...

ANDRES *(Titingin sa crotch.):* Paumanhin mahal na diwata! Diyosa! Pinakamagandang hayop sa balat ng lupa!

MARIA *(Malakas na bulong.):* Pito... walo... syam... Hindi ko naman kinailangang pumunta rito, ikaw ang humiling...

ANDRES *(Tatayo. Lalapit kay MARIA, pilit na pinapatibay ang boses.):* Kinararangal kitang makilala, Maria. Ako nga pala si Andres.

MARIA *(Sisigaw.):* Sampu! *(Patlang. Isasaksak muli ang gulok sa katawan ng isang SUNDALO. Kakamayan si ANDRES.)* Pumunta ako rito, Andres, para ibigay ang iyong huling kahilingan.

ANDRES: Ang paatrasin ang takbo ng panahon at ibalik ako sa pagiging Supremo?

MARIA: A, hindi.

ANDRES: Ang palayain ang Pilipinas mula sa mapang-aping mananakop?

MARIA: Hindi! Sarili mong hiling hindi mo alam?

ANDRES: Ang matapos ang dakila kong tula!

MARIA: E, di umamin ka rin.

ANDRES *(Hahawakan at hahalikan ang mga kamay ni MARIA.):* Mahal na diyos--

MARIA *(Sisingit.):* Maria na lang. *(Halata ang tuwa sa pagpupugay ni ANDRES.)*

ANDRES: Maria, Maria, maraming salamat, Maria.

MARIA *(Ipa-pat ang ulo ni ANDRES. Maglalabas ng bolpen at yellow paper mula sa back pack.):* O s'ya, simulan mo na. Hindi habambuhay patay 'tong mga tao ni *(Idudura ang salita.)* Aguinaldo.

ANDRES *(Kukunin ang yellow pad at bolpen.):* Pluma?

MARIA *(Ituturo ang yellow pad.):* At iyan naman ay papel. *(Ifi-fist bump ang baba ni ANDRES.)* O pa'no, mauna na 'ko. Balikan kita ng mga, ano, tatlumpung minuto? *(Tatalikod.)*

ANDRES *(Hahawakan ang balikat ni MARIA.):* Wag!

MARIA *(Hindi haharap kay ANDRES.):* O, bakit?

ANDRES: Dito ka lang. *(Pupunta sa katawan ng kapatid. Hihilahin ang bangkay ni PROCOPIO pakanan ng entablado.)* Kailangan ko ng... musa.

MARIA: Musa? Musang ina, ang swabe mo, a. *(Maglalabas ng picnic blanket.)* O, sige. *(Ilalatag ang blanket sa gitna ng*

*entablado. Uupo.)* Ako si Maria, diwata, diyos, pinakamagandang hayop sa balat ng lupa, at ngayon, musa.

ANDRES *(Uupo sa tabi ni MARIA. Ididikit ang bolpen sa yellow pad. Mahabang patlang.):* Maria?

MARIA: Tapos na?

ANDRES: Hindi ako makapagsulat. Wala akong inspirasyon.

MARIA: O, so? E, anong kinalaman ko dun?

ANDRES: E, hindi ba, ikaw ang musa. Ikaw ang magbibigay ng inspirasyon.

MARIA: Wala ka bang balangkas man lang, ideya para sa tula mo?

ANDRES: Wala, e.

MARIA: Magdarasal ka na bigyan ka ng panahong tapusin ang dakila mong tula, pagkatapos wala ka man lang kahit konting plano para sa tulang 'yon? Ano 'yun? Para kang nagsimula ng rebolusyon na walang ipapalit na sosyo-ekonomikong proyekto. Adventurist ka pala, e. Hindi ka pala si Andres Aa. Si Andres Lava ka pala.

ANDRES: Hindi ko maintindihan.

MARIA: Wag mo nang subukan. Makinig ka, ito ang tula mo. Galit ka kay Aguinaldo, di ba? Kanina lang, sisigaw-sigaw kang parang maririnig ka n'ya. Di ba? Sagot!

ANDRES: Opo.

MARIA: Iyon ang itula mo. ‘Yung galit mo sa kanya. Ayan, tingnan mo, patay ang mga kapatid mo. Dinahas ang asawa mo. Hindi ka na Supremo. Ibebenta n’ya ang Pilipinas sa Amerika...

ANDRES *(Bahagyang mapapatayo.):* Ano?

MARIA: Upo, punyeta.

ANDRES *(Babalik sa pagkakaupo. Bubulong sa sarili.):* Amerika?

MARIA: Galit ka, galit ka kay Aguinaldo. Ayan, maganda, ‘yun ang itula mo. Bilis. *(Maglalabas ng hourglass mula sa backpack.)* Sulat na, bilis!

ANDRES *(Magsusulat nang mabilis, sunod-sunod na yellow pad ang mapupuno.):* Pakinggan mo. *(Tatayo. Titingin kay MACAPAGAL.)* O, Aguinaldo, ikaw ay lobo./ Libog mo’y inuungol mo sa buwan./ Puno ng hangin, ikaw ay lobo./ Ika’y puputok sa kahambugan.

MARIA *(Papalakpak.):* Tigsampung pantig! Ang husay ng tula’y makikita sa tugma’t sukat.

ANDRES: Masaya akong napansin mo iyon. *(Patlang.)* O, Aguinaldo, ikaw ay leon./ Pero puso mo’y sa isang daga./ Walang tapang, tumakbo sa hamon,/ Pamanang nakakahiya.

MARIA *(Tatayo, yayakapin si ANDRES.):* Ang galing-galing! Iyan ang iyong obra maestra. Bravo, Andres, Bravo!

ANDRES: Nagustuhan mo ba talaga?

MARIA *(Iiwas ng tingin.):* A... e...

ANDRES: Ae? Kamag-anak pala kita. *(Patlang.)* Sabihin mo ang totoo, Maria.

MARIA: Ano, kasi, Andres, ano. *(Patlang.)* Ilang taon ka na?

ANDRES: Treinta y tres.

MARIA: Nasa gitna ka na pala ng buhay.

ANDRES: Talaga?

MARIA: Ayon 'yan sa kabanata 90, bersikulo 10 ng Salmo sa Bibliya.

ANDRES: Anong kinalaman ng edad ko sa kung maganda o pangit ang aking tula?

MARIA: Para ka kasing, para ka kasing bata.

ANDRES: Bata?

MARIA: Para kang nagdadabog. Inapi ka, hindi ka makaganti nang pisikal, kaya ayan, inilalabas mo sa panulat mo.

ANDRES: Ikaw kaya ang nagsabing isulat ko ang galit ko kay Aguinaldo.

MARIA: Malay ko bang pangit ang kakalabasan? Diyosa ako, hindi manghuhula.

ANDRES: Kung gayon ay hindi mo nakikita ang kinabukasan?

MARIA: Pwede kong makita, pero hindi ko tinitingnan.

ANDRES: Bakit?

MARIA: Alam mo ba Andres, kung saan nakatingin lagi ang mga propeta? Sa nakaraan. Kasi nakikita nila ang lahat na parating na bulilyaso at trahedya. Ang nais nila'y tumitig sa nakalipas na, dahil ang mga problema at sakit ng nakaraan ay hindi na sila masasaktan. Samantalang ang sa kinabukasan... *(Patlang.)* Bakit sa tingin mo narito ako, nakikipaglaro sa iyo?

ANDRES: Sabihin mo sa akin kung ano ang kinabukasan ng Pilipinas.

MARIA: Hindi ba't ang tinutukoy mo'y ang Katagalugan?

ANDRES: Maria...

MARIA: Wag mo nang itanong, Andres. Ang buhay ay mahaba at walang katuturan. Ituloy mo na lang ang panlalait mo kay Aguinaldo.

ANDRES *(Pupunitin ang mga papel na nasulatan.):* Ayoko na!

MARIA: Hoy! Itigil mo 'yan! Bakit? Bakit? Ba't mo ginagawa 'yan?

ANDRES: 'Bakit'? Diyosa ka, hindi tanga. Una'y ihahambing mo ako sa batang nagdarabog. Pagkatapos ay magbubukas ka ng mga misteryosong usapan tungkol sa mga peligro't sakuna't suliraning haharapin ng aking bayan. Pagkatapos itatanong mo sa akin kung bakit ko pinupunit ang pangit kong tula? *(Ibabagsak ang bolpen at yellow pad.)* Pinapaputok mo ang dibdib ko!

MARIA *(Mag-iiba ng tono.):* At ako? Magmula nang mawala ka, sa tingin mo dumalaloy pa ang dugo sa mga ugat ko?

ANDRES *(Mapapaatras.):* Oryang?

MARIA: Magtiis, sabi mo. Magtiis. Wala nang paglagyan ang katawan ko. Marinig lang ang palayaw mo, luluha na ako. Matango lang, luluha na ako. Hihiga na lang ako sa banig, luluha pa ako.

ANDRES *(Yayakapin si MARIA):* Giliw!

MARIA *(Matatauhan.):* Andres. *(Magpipilit makawala sa yakap.)* Andres, punyeta, bitiwan mo ako.

ANDRES *(Hahalikan si MARIA.):* Sinta!

MARIA: Ang kulit! *(Kakagatin ang tenga ni ANDRES.)*

ANDRES *(Hahakawan ang tenga, mapapalayo.):* Aray! Ba't mo ginawa 'yon?

MARIA: Patas lang, pinadugo mo rin naman ang mga tenga ko gamit 'yang tula mo. (*Pupulutin ang bolpen at yellow pad.) Sulat pa. (Iaabot kay ANDRES.)*

ANDRES: Ayoko nang magsulat.

MARIA *(Bubuksan ang mga palad ni ANDRES, ipapahawak dito ang bolpen at yellow pad.):* Ayaw mo na lang magsulat tungkol kay Aguinaldo, at sa personal mong galit. *(Patlang.)* Pero gusto mo pang magsulat. Ako ang iyong musa, bibigyan kita ng inspirasyon. *(Ituturo ang blanket.)* Upo.

ANDRES: Opo. *(Uupo.)*

MARIA: Alam mo kung ano ang kulang sa tula mo Andres? Ibang tao. Bukod kay Aguinaldo, wala ka bang ibang gustong tulaan?

ANDRES: Ibang tao?

MARIA: Hindi lang ibang tao. Pwede ring--ang iyong bayan!

ANDRES: Tama! *(Magsusulat nang mabilis, sunod-sunod ang papel na magagamit.)* Ayan, tapos na! Pakinggan mo, mahal kong musa!

MARIA *(Uupo sa tabi ni ANDRES.):* Fire!

ANDRES: Ano?

MARIA: Fuego!

ANDRES *(Clears throat.):* Ang bayan kong sawi./ Ang bayan kong Pilipinas./ Ang bayan ko'y tanging ikaw.

MARIA *(Sa tono ng "Kumbaya."):* Ang bayan, my Lord, ang bayan.

ANDRES: Musa naman, e.

MARIA: Paumanhin. Huli na ‘yon, pangako.

ANDRES: Di mapapako?

MARIA: Pangako sa ‘yo.

ANDRES: Pangako, di kita iiwan.

MARIA: Pumanaw ka na nga e.
ANDRES: Ano?

MARIA: Kako, pangako, tahimik na ako.

ANDRES *(Clears throat.):* Ang bayan kong Pilipinas/ Noon siya ay maganda/ At maraming yamang likas,/ Pero ngayon ay wala na.

MARIA: Andres...

ANDRES: Akala ko ba tatahimik ka na?

MARIA: Isang punto lang.

ANDRES: Para ka namang frayle mangako, e.

MARIA: Bakit, anong pinangako ng frayle sa ‘yo?

ANDRES: Para ka namang guardia civil mangako, e.

MARIA: O, namamaril ang mga ‘yon, di nangangako.

ANDRES: Para ka namang si Aguinaldo mangako e.

MARIA *(Tatayo. Arms akimbo.):* A, ganon. Sige, d'yan ka na, mag-isa kayo ng tula mong maganda. *(Maglalakad paalis, pero nakatingin kay ANDRES. Nang mapansing hindi susunod si ANDRES, titigil.)* Isang punto lang, pwede ba?

*Hindi mamamansin si ANDRES.*

MARIA *(Lalapit.):* Oy, isang punto lang...

*Hindi mamamansin si ANDRES.*

MARIA *(Bulong.):* Punyeta kang lalaki ka, e. *(Uupo sa tabi ni ANDRES, kakalabit. Normal na boses.):* Isang punto lang, sige na.

*Hindi mamamansin si ANDRES.*

MARIA *(Bulong.):* Tang ina, na-reverse ako, a. *(Yayakapin si ANDRES. Pa-sweet na boses.)* Sige na uy, ituloy mo na 'yung tula. Makkikinig lang ako, pangako.

ANDRES: Hindi sige, ano 'yung isang punto mo?

MARIA: Wala 'yun, hindi mahalaga.

ANDRES: Isang punto lang, sige na, payag ako.

MARIA: Talaga?

ANDRES: Oo.

MARIA: Pangako?

ANDRES: Pangako, sa ngalan ng Katipunan!

MARIA: Ayan! Ang isang punto ko lang ay: wala namang Pilipinas noon, e. Di ba mga Espanyol ang tumawag sa lugar na ito na Pilipinas?

ANDRES: Oo nga ano!

MARIA: Ayun lang, sige na, ituloy mo na ang tula.

ANDRES: Teka lang. *(Mabilis na magsusulat. Mauubos ang yellow pad.)* Ay, a, meron ka pa?

MARIA *(Maglalabas ng yellow pad mula sa bag.):* Maraming-marami pa.

*Babalik sa pagsusulat si ANDRES.*

MARIA *(Titingin sa paligid.)* Alam mo ba kung paano nalikha ang bundok na 'to?

ANDRES *(Tuloy lang sa pagsusulat. Walang interes.):* Oo?

MARIA: Nagalaw ang mga bato nang likhain ni Satanas ang Impyerno.

ANDRES *(Tuloy lang sa pagsusulat. Walang interes.):* Hindi nga?

MARIA: Lagi kaming nagkikita noon ni Satanas. Ngayon, masyado na s'yang busy sa trabaho.

ANDRES *(Ibaba ang bolpen. Aakbayan si MARIA.):* Bisig?

MARIA: Bisig? Punyeta! *(Tatanggalin ang braso ni ANDRES sa balikat.)* Wag mo nga 'kong akbayan! *(Titigasan ang boses.)* Tapos na ba 'yan?

ANDRES: Opo.

MARIA: Fuego!

ANDRES: Espanya, kami'y liwanag ng silangan./ Espanya, ang dala mo sa amin ay dilim./ Espanya, lahat ay aming ibinigay./ Espanya, wala nang natira sa amin.

MARIA: Mahusay!

ANDRES: Talaga?

MARIA: Gusto ko 'yung gamit mo ng imahen ng liwanag at dilim.

ANDRES: Oo?

MARIA: Bale, ang sinasabi mo, itong mga isla ang mabuti, hindi ba?

ANDRES: Tama.

MARIA: At ang Espanya, nang dumating, nagdala ng kasamaan.

ANDRES: Na siya namang nangyari.

MARIA: Ang liwanag din, simbolo ng karunungan.

ANDRES: Sadya ko iyon.

MARIA: At ang dilim, ang pagiging ignorante.

ANDRES: Pinalayas nila ang liwanag!

MARIA: Pinalayas nila ang karunungan!

ANDRES: Wala nang natira!

MARIA: Isa lang ang tanong ko.

ANDRES: Sabi ko na nga ba.

MARIA: Hindi ito para sa iyong tula, kundi para sa sarili kong pag-intindi.

ANDRES: Fuego, ano iyon?

MARIA: Kung ang dala ng Espanya ay kamatayan, kasamaan at pagiging ignorante, at nawaksi nga ang buhay, kabutihan at karunungan dito sa Silangan, bakit ka nakakapagsulat ng ganyang uri ng tula?

ANDRES: Bakit, anong masama sa tula ko?

MARIA: Wala. Iyon na nga, e. Mabuti ito. Madunong. Kung gayon, hindi naman talaga nawala ang lahat.

ANDRES: Mayroong natira.

MARIA: Hindi nagapi ang kabutihan.

ANDRES: Hindi pinaslang ang karunungan.

MARIA: Mabuting lugar ang Pilipinas.

ANDRES: Masaya rito, may ligaya rito.

MARIA: Ligaya? Ito'y isang paraiso.

ANDRES *(Mapapatitig kay MARIA. Mahabang patlang.):* Sino ka ba talaga?

MARIA: Alam mo naman kung sino.

ANDRES *(Aatras. Takot.):* Ikaw talaga ang demonyo!

MARIA: Hindi. Ako ang kanina mo pang tinatawag.

ANDRES *(Susugod.)*: Aguinaldo! *(Sasakalin si MARIA.)* Aguinaldo! Ang mga kapatid ko! Ang asawa ko, Aguinaldo!

MARIA: Sige pa! Sige pa!

ANDRES: Ang Pilipinas, Aguinaldo! Lahat kami pinagtaksilan mo.

MARIA: Sige pa!

ANDRES *(Matatauhan. Titigil sa pagsakal kay MARIA.):* Sige pa? Sino ka ba talaga? (Lalayo.) Kanina mo pa ako pinaglalaruan!

*Hindi mamamansin si MARIA.*

ANDRES *(Tatayo. Kukunin ang baril ng isang SUNDALO.):* Katapusan na ng panloloko mo.

MARIA: Hindi ako tatablan n'yan.

*Babarilin ni ANDRES si MARIA nang paulit-ulit.*

ANDRES *(Itututok ang baril sa ilalim ng bibig.):* Pasensya na kung sakaling matae ako.

MARIA: Wala na 'yang bala.

ANDRES *(Wala na ngang bala ang baril.):* Hindi bale. *(Itatapon ang baril.)* Dalawa ang sundalo, dalawa ang baril.

MARIA: Kanina ko pa tinapon ang isa.

ANDRES *(Kukunin ang gulok.):* Hindi naman kailangan ng baril para magpakamatay.

MARIA: Wala na 'yang talas.

ANDRES *(Maglalaslas ng pulso pero wala ngang talas ang gulok.):* Punyeta, bakit ba ayaw mo akong mamatay? *(Itatapon ang gulok.)*

MARIA: Dahil masama magpakamatay nang hindi mo pa natatapos ang iyong obra.

ANDRES: Kung gayon bakit mo ginugulo ang aking pagtula?

MARIA: Dahil pangit ang sinusulat mo.

ANDRES: Sapat na sa akin ang pangit kong tula. Bakit ba kailangan pang maging maganda ang aking likha.

MARIA: Dahil ikaw ang likha ko, at kung pangit ang likha mo, pangit ka. At kung pangit kang likha ko, pangit ako. At alam mo ba, Andres, kung ano ang mas malala sa taong pangit?

ANDRES: Ano?

MARIA: Diyosang pangit.

ANDRES: Kaya mo ako niligtas mula sa mga sundalo, dahil ayaw mong maging pangit?

MARIA: Sabihin mo sa akin, maganda ba si Oryang?

ANDRES: Oo.

MARIA: Itanong mo sa akin kung maganda ba si Oryang.

ANDRES: Maganda ba si Oryang?

MARIA: Sapat na.

ANDRES *(Susugurin si MARIA.):* Bawiin mo 'yon! *(Sasampalin si MARIA. Matatauhan. Babagsak ang mga balikat, mapapaluhod sa tabi ni MARIA. Patlang.)* Naiintindihan ko na.

MARIA: Mahusay.

ANDRES: Pero wala na muna akong ganang magsulat.

MARIA: Hindi mo kailangang madaliin. Kailangan mo lang pagandahin. Magkwentuhan na lang muna tayo.

ANDRES: Hindi... hindi mo ako paglalaruan?

MARIA: Hindi mo naman ako binabasahan ng pangit na tula, hindi ba?

ANDRES: Sige.

MARIA: Bueno, kwento. Fuego, ika mo nga.

ANDRES: Ano bang bahagi ng buhay ko ang hindi mo alam? Ikaw ang magkwento, diyosa, diwata, pinakamagandang hayop sa balat ng lupa. Aking musa.

MARIA: Anong gusto mong malaman?

ANDRES: Kailan ka ipinanganak.

MARIA: Lampas isang siglo na ang nakararaan.

ANDRES: Kumusta naman ang iyong paglaki?

MARIA: Lumaki ako sa Pilipinas sa ilalim ng mga frayle at guardia civil, ano sa tingin mo?

ANDRES: Iyong totoo.

MARIA: Malapit lang ang aming tirahan dito sa bundok. (Tuturo sa malayo.) Sa may doon, may ilog. Doon ako naliligo.

ANDRES: Ang iyong mga magulang?

MARIA: Namatay ang aking ina sabay sa pagsilang sa akin. Ang aking ama naman *(Patlang.)* ay ang aking ama. Nakakapag-uwi s'ya ng usa sa pangangaso, iyon ang pinakamabuti kong masasabi tungkol sa kanya.

ANDRES: Paano ka naging ganyan?

MARIA: Naging ano?

ANDRES: Naging makapangyarihan.

MARIA: May dumalaw din sa akin, tulad ko sa iyo ngayon, binigyan n'ya ako ng pagsubok, at ito, pumasa ako.

ANDRES: Pagsubok ba, kung gayon, ang pagpapasulat mo sa akin ng tula?

MARIA: Oo.

ANDRES: At kung hindi ako pumasa sa iyong hamon?

MARIA: Kailangan ko pa bang sagutin 'yan?

ANDRES: Ano ang hamon n'ya sa 'yo?

MARIA: Itinanong n'ya sa akin kung ano ang aking gagawin kung bibigyan n'ya ako ng kapangyarihan.

ANDRES: Ano ang sagot mo?

MARIA: Gaganti sa aking mga kaaway.

ANDRES: Iyon lang?

MARIA: Oo.

ANDRES: Pumasa ka sa pagsubok?

MARIA: Hindi.

ANDRES: Kung gayon, bakit--?

MARIA: Bakit ako may kapangyarihan? Ito rin ang parusa. ANDRES: Hindi ko maintidihan.

MARIA: Binigyan n'ya ako ng kapangyarihan bilang parusa sa dumi ng aking budhi, sa paghahangad ko ng paghihiganti. Sinabi n'ya iyon, na parusa ito. Hindi ako naniwala. Nilalagnat ako sa banig nang dalawin n'ya ako. Naramdaman ko ang pagdaloy ng kapangyarihan sa aking mga ugat. Lumabas ako ng aming bahay, nakita ang aking ama. Naghuhukay s'ya ng aking libingan, katabi ng sa aking ina.

ANDRES: Anong nangyari?

MARIA: Ibinitin ko s'ya patiwarik.

ANDRES: Pagkatapos?

MARIA: Isang buong araw s'yang nakabitin. Pagkatapos, pinatay ko s'ya.

ANDRES: Iyon ang parusa mo sa kanya?

MARIA: Pagkatapos ng tatlong araw, binuhay ko s'ya ulit.

ANDRES: Dahil sa awa?

MARIA: Ibinitin ko s'ya patiwarik, ulit, isang buong maghapon. Pagkatapos ay pinatay ko s'ya ulit.

ANDRES: Ilang ulit mong ginawa?

MARIA: Andres, nasa gitna ako ng isang siklo. Bukas ay bibisitahin ko ulit ang inuuod n'yang bangkay. Bubuhayin ko s'yang muli.

ANDRES: Maria!

MARIA: Kung papasa ka sa aking pagsubok, maaari mo akong samahan? Gusto kong malaman n'yang hindi lang ako ang may alam tungkol sa kanyang pagdurusa.

ANDRES: Maria!

MARIA: Nakikita mo na, Andres, kung bakit hungkag ang aking kapangyarihan?

ANDRES: Bakit... bakit mo ngayon lang ito sinasabi? Ngayong wala na ang kagustuhan kong laitin si Aguinaldo, ilabas ang kanyang baho sa aking tula?

MARIA: Dahil si Aguinaldo ay ginawa mo lang Espanya, pero pagkamuhi pa rin ang bumubuhay sa iyong pagtula.

ANDRES *(Pupulutin ang bolpen.):* Naiintindihan ko na. Bigyan mo akong muli ng papel.

MARIA *(Pupulutin ang yellow pad.):* Hindi mo pa ubos itong pangalawa kong bigay.

ANDRES *(Magsusulat nang mabilis, sunod-sunod na papel ang susulatan.):* D'yan ka lang, Maria.

MARIA: Saan pa ba ako pupunta? *(Patlang.)* Oy, mukhang mamaya ka pa matatapos, pwede bang tuma--

ANDRES: Tapos ko na!

MARIA: May pinipigil akong masayang gawin, kaya dapat maganda 'yan.

ANDRES: Ikaw lang ang mas maganda, Maria.

MARIA: Walang pagkamuhi?

ANDRES: Meron lamang pagmamahal.

MARIA: Hala-bira!

ANDRES: Lapit mga kaibigan,/ At makinig kayo ngayon./ Ang tula ko'y pagdiriwang/ Ng aking kaligayahan,/ Ng ating pagmamahalan,/ Sa magiliw nating bayan/ At sa ating rebolusyon.

MARIA (Facepalm.): Kiki ni Sion.

ANDRES: Maria, ang iyong bibig.

MARIA: Titi ba 'yon?

ANDRES: Tama na 'yang kabastusan!

MARIA: 'Titi' bastos pero 'bayan' ayos? Standards mo rin, a!

ANDRES: Ano ba 'yang pinagsasabi mo?

MARIA: Iyan na ba ang iyong tula?

ANDRES: Hindi mo nagustuhan?

MARIA: Ano naman ang magugustuhan ko sa rebolusyon?

ANDRES: Meron namang banggit tungkol sa kaligayahan at pagmamahal, a?

MARIA: Alam mo, Andres, wala ka talagang pag-asa. Akala ko pa naman, ikaw ang magliligtas sa akin.

ANDRES: Ikaw ang diyosa, pero ako ang magliligtas.

MARIA: Sa tingin mo, bakit ako nandito ngayon? Bakit kita tinulungan laban sa mga taksil mong Katipunero? Dahil sa busilak kong puso?

ANDRES: Akala ko'y dahil dalisay ang iyong budhi?

MARIA: Hindi, malinis kasi ang aking kaluluwa.

ANDRES: Akala ko'y dahil puro ang iyong espiritu.

MARIA: Iyon na ba ang iyong tula?

ANDRES: Patayin mo man ako o gawing walang hanggan ang buhay, handa na ako.

MARIA: Akala mo lang 'yon. *(Tatayo, kukunin ang baril, babalik, tatapikin si PROCOPIO sa balikat.)* Gising!

ANDRES: Wala na 'yang bala.

MARIA: Meron na ulit. *(Hahampasin si PROCOPIO.)* Gising!

ANDRES: Wala na s'yang buhay.

MARIA: Meron na ulit. *(Yuyugyugin ang katawan ni PROCOPIO.)* Gising!

*Gigising si PROCOPIO. Babarilin s'ya ni MARIA.*

ANDRES: Procopio!

MARIA: Gising!

*Gigising si PROCOPIO. Babarilin s'ya ni MARIA.*

ANDRES: Maria!

MARIA: Gising!

*Gigising si PROCOPIO. Babarilin s'ya ni MARIA*.

ANDRES: Tama na! *(Yayakapin ang katawan ni PROCOPIO.)*

MARIA: Sabi mo, e. *(Ibabalik ang baril sa tabi ng SUNDALO. Kukunin ang baril na itinapon kanina at ibabalik sa isa pang SUNDALO.)* Bi ti dobol yu, may bala pa ang mga 'yon, sakaling curious ka.

ANDRES: Hindi kita maintindihan.

MARIA: Alam mo Andres, may mga araw na hindi ko naiintidihan ang sarili ko.

ANDRES: Ano bang gusto mong gawin ko?

MARIA: Gusto kong tumula ka nang maganda.

ANDRES: Tungkol saan?

MARIA: Tungkol sa katotohanan.

ANDRES: Ano bang katotohanan ang hinahanap mo?

MARIA: Ano ba kasi ang nararamdaman mo ngayon?

ANDRES: Hindi poot, sabi mo hindi iyon.

MARIA: Gagawin ka lang malungkot ng pagkamuhi mo kay Aguinaldo.

ANDRES: At hindi rin pagmamahal, ayaw mo rin iyon.

MARIA: Ang pagmamahal sa bayan at para sa mga may hininga pang natitira.

ANDRES: Gusto mong magsulat ako tungkol sa aking takot?

MARIA *(Maglalabas ng bingo card mula sa backpack.):* Tinamaan mo sa mata!

ANDRES: Gusto mong isawika ko ang nararamdaman kong kaba sa paparating kong kamatayan?

MARIA: Sabi ko nga, nakuha mo na.

ANDRES: Gusto mong pagsayangan ko ng tinta ang nakaambang pagtagas ng aking ihi at pagsambulat ng aking tae.

MARIA: Sa paraan mo ng pagsabi, para tuloy hindi na kaakit-akit.

ANDRES: Kailan ba naging kaakit-akit ang kaba, ang takot, ang pagbilis ng tibok ng puso at pagsikip ng dibdib?

MARIA: Gusto mo ba talagang sagutin ko 'yan o--

ANDRES: Ang paghalo ng pawis at luha, ang--

MARIA: Sabi ko na nga ba.

ANDRES: Ang pagsigaw sa loob ng aking bungo, 'Wag! Wag! Maawa ka, wag pa!'

MARIA: Naiintindihan mo na rin, sa wakas!

ANDRES: Isusulat ko ang gusto mo

MARIA: Mahusay!

ANDRES: Sa isang kondisyon.

MARIA: Kahit dalawa pa.

ANDRES: Una--

MARIA: Dinalawa nga.

ANDRES: Una, gusto kong gawan mo ako ng tula.

MARIA: Alam mo hindi pwera alam ko kung ano ang pagkakaiba ng pangit at magandang tula ay marunong na akong gumawa ng tula mismo. *(Patlang.)* Ano ang ikalawa?

ANDRES: Gusto kong patawarin mo na ang iyong sarili.

MARIA: Patawarin sa?

ANDRES: Ikaw lang ang may alam ng sagot. Pero, ano nga, payag ka ba. Patas ba ang ating palitan?

*Mahabang patlang.*

MARIA: Sige, payag ako.

ANDRES *(Papalakpak.):* Bueno, *(Iaabot ang bolpen at yellow pad.)* Una muna, ang tula.

MARIA *(Kukunin ang bolpen at yellow pad.):* Sandali lang. *(Hihigat sa tyan, itataas ang mga paa.):* Sandali lang.

ANDRES: Sige. *(Tatayo, pupunta sa mga SUNDALO. Pupulutin ang isang baril. Tututok at kikilos na parang may iniis-sniper sa mga nanonood.)* Sapul! *(Pupulutin ang isa pang baril. Para na ngayong action hero ang asta, may baril sa tig-isang kamay.)* Hasta la vista, Espanya. *(Mag-uusal ng tunog baril, ang kilos ay parang naglalabas ng kaydaming bala ang mga baril, parang machine gun.)*

MARIA *(Uupo nang tama.):* Tapos na ako.

ANDRES *(Ibabalik ang mga baril sa tabi ng mga SUNDALO. Babalik sa tabi ni MARIA.):* Maganda ba?

MARIA: Ikaw ang magsabi.

ANDRES: Sige, basahin mo nang malakas.

MARIA *(Clears throat.):* Paalam sa iyo, masarap magmahal,/ Kabiyak ng puso ko, may-ari ng katawan./ Paalam na sa iyong laki sa laway./ Paalam, giliw ko, sa iyo'y paalam.

*Mahabang patlang.*

ANDRES: Iyon ba talaga ang sinulat mo?

MARIA: Mahaba 'yung tula, sa totoo.

ANDRES: Bakit hindi mo basahin sa akin ang buo?

MARIA: Baka maapektuhan ang iyong desisyon.

ANDRES: Ano ba talaga ang nangyari sa iyo, Oryang?

MARIA: Paano ako naging diyosa?

ANDRES: Hindi. Anong nangyari sa iyo, pagkatapos nating magkahiwalay?

MARIA: Hindi na mahalaga iyon.

ANDRES: Mahalaga sa akin.

MARIA: Ang mahalaga, nakita kita nang isa pang beses.

ANDRES: Ngunit ito na ang huli.

MARIA: Ang mahalaga, nagmahalan tayo nang tunay.

ANDRES: Pero tapos na ang pagmamahalang iyon.

MARIA: Buhay lang, Andres, ang natatapos. Ang pag-ibig ay walang hanggan.

*Mahabang patlang.*

ANDRES: Kwentuhan mo ako.

MARIA: Tungkol sa?

ANDRES: Tungkol sa kinabukasan.

MARIA: Aling kinabukasan? Iyong inabot ko bilang tao, bago ako *(Patlang.)* "nagkaganito"?

ANDRES: Ang kinabukasang iyon. At ang kinabukasang kayong mga diyosa lang ang nakakakita. Ang dulo ng walang hanggan.

MARIA: Iyong munang huli. Ang dulo ng walang hanggan, Andres, minsan ko lang ito nakita. Sa pagkataas-taas kasing bundok ito matatagpuan. Maraming harang, maniwala ka. Kinailangan ko pang dumaan sa pader ng apoy, halimbawa. Tapos bigla, sa may tuktok, may gubat. Sa gitna ng gubat na iyon, may hardin. Sa gitna ng hardin na iyon, may ilog. Sa sobrang kapal ng mga sanga at dahon ng mga puno, hindi nadadampian ng liwanag ng araw o buwan ang ilog na iyon. Napatitig ako sa ilog. Muntik na nga akong mahulog, buti na lang may tumawag sa akin.

ANDRES: Mga diyosa rin?

MARIA: At diyos. Nasa kabilang bahagi sila ng hardin, nakapagitna ang ilog sa amin. May musika sa hangin, sumasayaw sila. Sa gitna ng grupo'y may dalawampu't apat na matanda, nakasuot ng puti, at apat na hayop, na may tig-anim na pakpak na tadtad ng mga bukas na mata. At may isa pang hayop, may hila-hilang karwahe, ang hayop na iyon ay pinaghalong leon at ibon. Sa may kanan nila, may tatlong nagsasayawan. Ang isa sa kanila ay umaapoy, halos hindi ko na makita. Sa may kaliwa ay may apat pa, nakasuot ng lila. Ang isa sa kanila'y may tatlong mata. Habang kumakaway ako sa kanila, may bumaba mula sa karwahe. May bumabang umaapoy din. Ang taong iyon... ay si Julio.

ANDRES: Kaibigan mo?

MARIA: Higit pa.

ANDRES: Asawa mo?

MARIA: Higit pa.

ANDRES: Bayan mo?

MARIA: Andres, s'ya ang dahilan kung bakit ako... nagkaganito.

ANDRES: Isa rin s'yang diyosa.

MARIA: Diyos.

ANDRES: Diyos, diyosa, ano bang pinagkaiba?

MARIA: Tama ka.

ANDRES: At mahal mo s'ya?

*Tatango lamang si MARIA.*

ANDRES: Iyon ba ang nais mong ihingi ng tawad?

MARIA: Hindi ko naman kailangang humingi ng tawad, di ba? Patay ka na, hindi ako taksil, hindi ako nakiapid.

ANDRES: Pero gusto mo pa ring humingi ng pasensya.

MARIA *(Matagal bago sumagot.):* Oo.

ANDRES: Bakit? Isa ka nang dakilang nilalang. Kaya mo nang hamunin si Bathala. Bakit ka naman kailangang humingi ng tawad sa akin?

MARIA: Hindi ko alam.

ANDRES: Dahil ba hindi mo naman talaga ako minahal?

MARIA: Hindi ko alam.

ANDRES: Dahil ba hindi mo man lang sinubukang hanapin ang magiging libingan ko?

MARIA: Hindi ko alam.

ANDRES: Dahil ba lumipas na ang walang hanggan pero ngayon mo pa lang ako dinalaw?

MARIA: Andres, ang panahon, hindi ito diretsong linya, ito ay bilog at...

ANDRES: Dahil ba wala ka namang balak iligtas ako ngayon?

MARIA: Andres...

ANDRES: Nasa iyo naman ang kapangyarihan, hindi ba?

MARIA: Oo, pero Andres...

ANDRES: At nasa iyo ang motibasyon.

MARIA: S'yang tunay, subalit, makinig ka...

ANDRES: Nasa iyo ang oportunidad!

MARIA: Walang duda, ngunit...

ANDRES: Ang wala lang siguro sa iyo ay loob.

MARIA: Andres...

ANDRES: Hindi mo ako gustong iligtas.

MARIA: Andres...

ANDRES: Dahil may iba ka nang mahal?

MARIA: Dahil ang maligtas ngayong araw ay hindi mo tadhana.

ANDRES: Bueno, nakita mo naman na ang kinabukasan, hindi ko pwedeng sabihing hindi mo alam ang iyong pinagsasabi.

MARIA: Andres...

ANDRES: Ano sa tingin mo, hahabulin kita hanggang sa mga tala pag binigyan mo ako ng kapangyarihan?

MARIA: Hindi.

ANDRES: Na ako rin, tatalon sa panahon para iligtas ka at patayin ang mga nagtaksil at lumapastangan sa atin, na mauulol ako, walang responsibilidad, makakalimutan ko ang pagkakaiba ng tama at mali dahil lampas na ako sa mga baliktad na paraan ng pag-iisip?

MARIA: Hindi.

ANDRES: Dahil kung hindi ako mamamatay ngayon, hindi ka magiging diyosa, at mas mahal mo ang kapangyarihan kaysa sa akin?

*Mahabang patlang.*

ANDRES: Oryang.

*Tatayo si MARIA, lalayo nang bahagya.*

ANDRES: Oryang, sabihin mong 'hindi.'

*Lalayo pa lalo si MARIA.*

ANDRES *(Tatayo.):* Oryang?

MARIA: Andres, wag...

ANDRES: Gregoria?

MARIA: Andres, utang na loob.

ANDRES: Dapat ba maging masaya ako. Hindi mo naman ako sa ibang lalaki ipinagpalit. Para sa divinidad at hindi para sa tawag ng laman kaya mo ako ngayon tinatalikuran.

MARIA: Wag mo nang saktan ang sarili mo. *(Lalapit, susubukang yakapin si ANDRES.)*

ANDRES *(Iiwasan ang yakap ni MARIA.):* Alam mo kung ano masama? *(Pupulutin ang yellow pad.)* Ikaw pa ang may lakas ng loob laitin ang mga tula ko. *(Pupunitin ang mga papel.)*

MARIA: Andres!

ANDRES: Maria!

MARIA *(Mapapaluhod.):* Andres, patawarin mo ako. *(Hahagulgol.)*

*Mahabang patlang.*

ANDRES: Tama na 'yan. *(Ibabagsak ang natitirang yellow pad. Hahaplusin ang ulo ni MARIA.)* Maria? Diyosa, diwata? Pinakamagandang hayop sa balat ng lupa? *(Luluhod para yakapin si MARIA.)* Musa?

MARIA: Halika na, halika na, ililigtas kita.

ANDRES: Shhh, wag kang magsalita nang ganyan.

MARIA: Nagkamali ako. Nabulag lang ako nang sandali, pero ngayon nakikita kong ikaw ang mahal ko, ikaw lang ang mahal ko, mas gugustuhin kong mamatay kaysa iwan kita dito.

ANDRES: Tama na, tama na.

MARIA: Kaya kong talikuran ang lahat para sa iyo.

ANDRES *(Hahalikan si MARIA.):* Kaya mo, pero hindi mo gusto, kaya hindi mo kailangang gawin.

MARIA: Andres, giliw.

ANDRES: Bitiwan mo na ako, patawarin mo na ang sarili mo.

MARIA: Hindi!

ANDRES: Oo.

MARIA: Hindi kailangang oo o hindi, laging may pangatlong paraan, pang-apat, panlima.

ANDRES: Noon mo pa pinili. Dapat nga magpasalamat ako, kasi kahit papapano, pinapili mo rin ako.

MARIA: Andres, sinta...

ANDRES: May isa lang akong hiling. *(Tatayo.)* Para lang makaganti sa isa pang taksil. *(Hihilahin patayo si MARIA.)* Tarantadong 'yon, sabi namin itatakas namin s'ya, mas gusto pang makulong.

MARIA: Sino ba ang--?

ANDRES: Pero para yata sa asawa n'ya kaya hindi s'ya pumayag. Ang pag-ibig nga naman oo.

MARIA: Ay, alam mo, may nakakatawa akong kwento tungkol sa kanya at kay Maximo--

ANDRES *(Tatakpan ang bibig ni MARIA. Bubulong. Patlang. Sa normal na boses.):* Iyan ang huli kong hiling. Payag ka? *(Hindi hihintayin ang sagot ni MARIA.)* Bueno, fuego.

MARIA *(Tatango.):* Ako ay siya, ako ay ikaw. *(Dadalhin si ANDRES sa kanang bahagi ng entablado.)* Ako ay ang mga sundalo, at si Aguinaldo, at lahat ng taong nabuhay at nabubuhay at mabubuhay pa lang.

ANDRES *(Kunwari'y litong-lito.):* Hindi ko naiintindihan.

MARIA *(Ibababa ang pantalon ni ANDRES. Ipoposisyon si ANDRES ng naka-squat.):* Ngayon naiintindihan mo na?

ANDRES: Hindi pa rin.

MARIA *(Kay MACAPAGAL.):* Aguinaldo! *(Lalayo.)*

MACAPAGAL *(Babangon. Ishe-shake ang ulo na parang nagtatanggal ng hilo. Lalapit kay ANDRES.):* Tapos ka na ba?

ANDRES *(Matatauhan. Tatayo. Isusuot ang pantalon.):* Anong nangyayari?

MACAPAGAL: Nakita mo na kung ano ang nangyari sa kapatid mo. Huling alok ko na 'to, ano ang pinipili mo. Kamatayan, o pagdidistyero. Bago mo ako sagutin ulit ng mura, ipapaalala ko sa 'yo, hindi naman masamang lugar ang Hong Kong. Marami raw taga-Londres na naroon. Maaari kang matuto ng Ingles, hindi na masama iyon. Isang komportableng buhay, Andres. Tapos na ang laban. Hindi na pagtataksil ang pagsuko.

ANDRES: Putang ina mo. Ang 'yong tatay mo, puto. *(Tatayo sa gitna ng entablado.)*

MACAPAGAL *(Tatango.):* Bueno. *(Babalik sa kaliwang bahagi ng entablado. Sisipain ang mga SUNDALO.)* Gising!

MGA SUNDALO *(Babangon. Pupulutin ang mga baril.):* Ano iyon, Heneral?

MACAPAGAL *(Ituturo si ANDRES.):* Fue--!

MARIA: Sandali lang! *(Lalapit kay ANDRES. Maglalabas ng bowler hat mula sa backpack. Isusuot kay ANDRES ang bowler hat.)* Ayan.

ANDRES: Anong hitsura ko?

MARIA: Mukhang handa ka na. *(Lalakad palayo. Titgil sa may kanan ng entablado.)* Paalam na ngayon.

ANDRES *(Lilingon kay MARIA.):* Katapusang tawag. *(Lilingon kay MACAPAGAL.)*

MGA SUNDALO *(Itututok ang mga baril kay ANDRES.):* Aling pag-ibig ba, ang hihigit kaya/ Sa pagkadalisay at pagkadakila?/ Aling pag-ibig pa, wala na nga, wala.

MACAPAGAL: Fuego!

*Babaril ang mga SUNDALO. Babagsak si ANDRES.*